# التغلب على وساوس الشيطان باللغة الفلبينية

# ANG PAGPIGIL SA BULONG NI SATANAS

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Hindi natin napipigilan sa tuwing tayo ay magdadasal ang makapag-isip ng mga masasamang bulong, walang duda na ito ay mula sa bulong ni Satanas, dahil si Satanas ay mapursige na iligaw ang isang Muslim at mailayo ito sa kabutihan, ngunit sa lawak ng Awa ni Allah ﷻ, hindi huhusgahan ang isang alipin dahil sa mga bulong na ito, sa kondisyon na hindi ito sasabihin sa iba at hindi niya ito gagawin.

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Pinatawad ng Allah ﷻ ang anuman na bulong sa puso ng isang tao, hangga't ito ay hindi niya ginawa at ipinagsabi ito".

Marami ang ibubulong sa atin ni Satanas, mula sa pagduda sa karapatan ng Allah ﷻ, karapatan ng Propeta Muhammad ﷺ at pagdudahan ang Turo sa Islam, at ang pagkaramdam ng Muslim ng puot at galit dahil dito, ay tanda ng kanyang malinis na pananamplataya.

Ang isang Muslim ay inuutusan na pigilan ang mga ganitong bulong at linisin ang kanyang saloobin, dahil ito ay kasalanan kapag hindi pinigilan.

Ang mga masasamang bulong ay napipigilan sa ilang bagay:

**Una**: ay pananatili sa pagbasa ng Qur'an, pananatili sa mga panalangin tuwing umaga't gabi.

**Pangalawa**: ay ang pagpapalakas ng pananampalataya (Iman) sa pamamagitan ng kabutihan, at paglayo sa mga kasalanan o kasamaan.

**Pangatlo**: Ang gawing abala ang sarili sa pagsasaliksik ng kaalaman, dahil ang maalam sa Islam ay mahirap lapitan ni Satanas kumpara sa taong mapagsamba lamang.

**Pang-apat**: Ang pagsabi ng "Ako ay tunay na naniniwala sa Allah ﷻ at sa kanyang Propeta".

Naiulat ni Aisha رضي الله عنها ang Propeta Muhammad ﷺ: "Tunay na ang Satanas ay darating sa isa sa inyo, at sasabihin sayo na magtanong: "Sino ang lumikha sayo?" At ang dapat mong gawin kapag ito ay nangyari, ay sabihin na: "Ako'y tunay na naniniwala sa Allah ﷻ at sa kanyang Propeta", itong pagdududa na ito ay mawawala".

At kung ang bulong ni Satanas ay nangyari sa loob ng Salah, ikaw ay dudura ng hangin lang ang lalabas ng tatlong beses sa iyong kaliwa.

Minsan na may dumating na isang lalake sa Propeta Muhammad ﷺ at nagtanong: "O Sugo ng Allah, ang Satanas ay pumapasok sa aking dasal at ginugulo ang aking pagbabasa". Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Ito ay Satanas na nagngangalang (Khinzab), ikaw ay magpakupkop sa Allah ﷻ laban dito at dumura (hangin lang) ng tatlong beses sa iyong kaliwa at ito ay mawawala".

والله تعالى أعلم...